IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 12 December 2025, eISSN: 2799-0664

# Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagkilala at Pag-unawa sa mga Nakalimbag na Simbolo: Batayan sa Pagbuo ng Kagamitang Pampagkatuto

**DOMINGA S. TOMAS**
Benguet State University
d.tomas@bsu .edu.ph

**MARY ANN A. SANTOS**
Atok Natinal High School

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa. Layunin nitong matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa; mga salik na nakaaapekto sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa; at makabuo ng isang disenyo ng mga gawain sa remediation o mga kagamitang makatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.
Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwalitatibong pagdulog at desinyong palarawan. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang sa Atok National High School. Ang mga datos na nakuha ay dumaan sa transkripsiyon at pagkakategorya. Ito ay idinaan sa koding at tematisasyon na naging batayan ng pagtalakay. Ang kinalabasan ng pag-aaral ang nagging batayan din sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto.
Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos, lumabas na ang mga kahinaan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay ang pag-unawa sa mga salita, pagbigkas sa mga salita, at pag-unawa sa nilalaman ng teksto. Natuklasan ding ang mga dahilan ng kahirapan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral ay ang limitadong bokabularyo, kakulangan ng kasanayan sa pagbasa, pormat ng akda, kawalan ng interes sa pagbasa at kawalan sa kumpiyansa sa sarili. Batay sa mga natuklasan, masasabing ang pamilyaridad ng mga mag-aaral sa tekstong binabasa kasali na ang mga salitang ginamit ay nakaaapekto sap ag-unawa sa pagbasa. Iminumungkahi kung ganoon na linangin at bigyang pansin ng mga guro ang nilalaman ng tekstong kanilang ituturo upang mapaunlad ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral at pumili ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ang mga guro upang maging kawiliwili sa mga mag-aaral ang gawaing pagbasa.

## I. Introduksiyon

Ang panahon ay patuloy na nagbabago kaya ang pamumuhay ng tao ay nagbabago rin dulot ng globalisasyon. Ang mga mag-aaral ngayon ay karamihang nakatuon sa mga makabagong teknolohiya. Ito'y nagsisilbing dahilan upang mapanatili ang interes at atensiyon ng mag-aaral sa loob ng klasrum. Nagiging 15-20 minuto na lamang ang atensyon ng isang adult listener na dating tumatagal ng 30-40 minuto. Nagiging hamon sa isang guro ang makabagong teknolohiya upang makabuo ng isang malikhaing guro para makabuo rin ng malikhaing mag-aaral at malikhaing klasrum. Ang pagtuturo at pagkatuto na isang proseso ay nangyayari sa pagitan ng guro, mag-aaral at kapwa mag-aaral. Ang guro ay lumilikha ng mga makabagong pamamaraan pampagtuturo at kapaligiran para sa kanyang mga mag-aaral. Ang kapaligirang ito

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

na siyang mahusay na klasrum na pangwika ay yaong may aktibong interaksiyon sa pagitan ng guro at sa kanyang mag-aaral at mag-aaral sa kanyang kapwa mag-aaral (Pagkalinawan, 2007). Nasusukat ang pagiging epektibo ng isang guro sa gawain, kaasalan at saloobin ng kanyang tinuturuan bilang resulta ng kanyang mga ginawa sa klase (Hendricks, 1998). Ang interes ng malikhaing guro ay nakatuon sa kanyang kalagayang makapaghanda ng mga gawaing kawili-wili ayon sa kanyang layunin, paksa, istratehiya at kagamitang panturo. Ang lahat ng mga ito'y kanyang maisasakatuparan sapagkat bukod sa batayang aklat at manwal sa pagtuturo, maaari niyang mapayaman ang mga gawain sa pamamagitan ng masining at masusing paghahanda, pagpaplano at pagbabalangkas.

Ang pagtulong sa mga mag-aaral upang maging mahusay na mambabasa ay isang mahalagang bahagi sa proseso ng edukasyon. Ang mga mag-aaral ay kinakailangang magkaroon ng mga impormasyon mula sa iba't ibang teksto, magkaroon ng kaalaman sa paggamit ng mga teksto o mga babasahin sa paglutas ng mga suliranin at magkaroon ng isang mapanuring pagkikilatis sa mga impormasyong ipinakita ng mga teksto. Subalit, ang pagbibigay ng mga paraan na makalilinang ng kakayahan sa pagbasa ay maaaring komplikado at mapanghamong gawain. Kaya, dapat masanay ng mga guro ang mga mag-aaral sa isang kritikal na pagbasa (E.E Anderman at L. Anderman, 2009).

Marami ang mga nakalimbag o mga iba't ibang uri ng babasahin na nararapat pagtuunan ng pansin na basahin: pahayagan, komento, memo, street signs, dyornal, magasin at iba pa. Para hindi mapag-iwanan ang isang tao, kinakailangan niyang magbasa. Sa pagbabasa, maraming maaaring maibahaging kaalaman at kaisipan batay sa uri ng babasahin nabasa niya na maaaring makapag-angat sa kanya sa lipunang kanyang ginagalawan (Abesamis, 2006). Ang pagbabasa ay pinakamagandang libangan para sa mga palabasa. Nakapagtuturo ito ng maraming bagay, sa paaralan at mag-aaral at pinapalawak nito ang kaisipan ng isang tao. Nararapat lamang na pagtuunan natin ng pansin o bigyang-diin ito dahil ito'y ginagamit na "spring board' sa isang disiplina (Obmina, 2007). Ayon kay Ravago (2015), ang pagbabasa ay likas sa mga Pilipino dahil sa mabubuting dulot nito. Isa na rito ang magbigay aliw mula sa mga kuwento at kasaysayan ng lahat ng bagay at nilalang sa mundo, totoo man o kathang-isip lamang. Sa mga kuwento ring ito nagmumula ang mga kaalaman na kailangan ng tao dahil sa taglay nitong impormasyon at ang kaisipan naman ay nagiging gabay sa pakikihamon sa buhay. Sa buhay ng bawat tauhan, sa papel na ginagampanan at kung saan naganap ang kuwento nakasalalay kung paano naiuugnay ng mambabasa ang mga pangyayari sa kanilang pagkatao at sa kasalakuyang panahon. Kahit pa nasa bagong henerasyon na ang mga mambabasa, mayroon pa ring nahihirapang magbasa. Nahihirapan silang tumuklas at magproseso ng mga kahulugang kinakatawan ng mga simbolong nakalimbag sa bawat pahina ng aklat. Bunga ng reyalidad na ito, ang gawaing pagbabasa ay tinatawag na isang proseso na napakakumplikado.

Ayon kina Arrogante et al. (2007), ang pagbasa bilang isa sa mga makrong kasanayang pangwika ay damdam na yatang bumababa ang antas ng kalinangan sa kasalukuyan gawa ng pagsulpot ng mass media- radyo, telebisyon, at pelikula, na sa halip na magbasa, mas

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kinikilingang-hilig ng mga kabataan ang panonood o pakikinig, tuloy maraming detalye ang nakaalpas sa kaalaman.

Ayon kay San Juan (2019), sa 79 na bansang nakilahok, ang Pilipinas ay napabilang nakakuha ng pinakamababang antas ng pag-unawa sa pagbasa sa 2018 Programme for International Student Assessment (PISA). Ayon naman sa mga resulta ng pinakahuling internasyonal na ulat tungkol sa estado ng edukasyon sa Pilipinas ay malungkot: Hindi mauunawaan ng mga estudyanteng Pilipino ang kanilang binabasa, kahit na gumugugol sila ng mahabang oras sa paaralan. Higit pa rito, hindi napabuti ng malayong pag-aaral ang sitwasyon para sa mga mahihirap: Ang mga mag-aaral mula sa mga edukadong pamilya ay pinakamahusay na pinaglilingkuran ng online na pag-aaral, ngunit ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang hindi gaanong pinag-aralan ay humihinto sa pag-aaral . Tinataya ng World Bank na noong Hunyo, ang pag-aaral ng kahirapan sa Pilipinas ay nasa 90.9 porsyento.Ayon kay Duterte, isa sa mga lugar na kailangang tugunan sa pagkawala ng pagkatuto pagkatapos ng pandemya ay ang literacy kaya kailangan ng publiko na bumalik sa pagbabasa. Ang mga crucial learning losses na gustong lunasan ng Department of Education ay ang pagbabasa. Ang parehong mga magulang at guro ay gumaganap ng hindi masasagot na mga tungkulin sa tagumpay ng kampanya upang matiyak na ang mga mag-aaral ay nababasa at nauunawaan ang kanilang binabasa (de Leon, 2022).

Kaugnay ng mga ito ay may mga hakbang na ginawa ang mga kinauukulan upang mabigyang-pansin ang mga ito tulad ng Senate Bill 150 ni Gatchalian. Ang Senate Bill 150 ni Gatchalian o ang Academic Recovery and Accessible Learning (ARAL) Act ay naglalayong magtatag ng isang nationwide learning recovery program na magsasama ng maayos na sistematikong mga sesyon ng tutorial at mahusay na disenyo ng mga plano sa remediation. Ang iminungkahing ARAL Program ay uunahin ang pagbabasa upang mapaunlad ang kritikal at analytical na mga kasanayan sa pag-iisip ng mga mag-aaral.

Ang mga nabanggit ay nagpapakita ng mababang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral kaya para makabuo ng mas epektibong interbensiyon o mahusay na disenyo ng mga plano para sa remediation, mas mabuti ring alamin ang lebel ng kanilang pang-unawa at kung ano ang mga salik na nakakapaekto ng kanilang performace sa pagbasa. Ito ang mga naging batayan sa kasalukuyang pag-aaral. Inaasahang sa pamamagitan nito ay makabuo ang mga mananaliksik ng isang disenyo ng mga gawain sa remediation at mga kagamitang makatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang desinyo at nilalaman ng bubuing kagamitan ay nakadepende sa kalalbasan ng pag-aaral.

**Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura**

Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na dapat pinagkadalubhasaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbabasa, naipababatid ang mensahe ng isang teksto. Gayunpaman, nahaharap pa rin sila sa maraming mga kahirapan sa pag-unawa ng teksto. Ang teksto ay tumutukoy sa kaisipan ng isang manunulat na naisasalin sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

anumang babasahin na naglalaman ng mga ideya at nabibigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng pagbabasa. Sa panahon ngayon, maraming estudyante ang may kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto na nagiging dahilan sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Ilang halimbawa ay ang pagbabasa ng mga babasahin gamit ang ibang linggwahe o midyum kung saan hindi masyadong nauunawaan sapagkat hindi sanay ang mga mag-aaral sa ibang lenggwahe (Quintino at Abagon, 2021)

Hindi lamang sapat na marinig ang tamang pagkakabigkas ng mga mag-aaral sa mga titik at mga salitang ipinababasa sa kanila kundi mahalaga rin ang pag-unawa sa kahulugan at mensaheng hatid ng mga katagang kanilang binasa. Sa ibang salita, nangangailangan ng komprehensyon (Ravago, 2015). Ayon kay Snow (2003), ang komprehensyon ay isang proseso nang magkasabay na paghalaw at pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng interaksyon at pakikipag-ugnayan sa lenggwaheng nakasulat. Ginamit ang mga salitang paghalaw at pagbuo upang bigyang-diin ang parehas na kahalagahan at kakapusan ng teksto bilang resulta ng pag-unawa sa binasa. Ayon pa rin sa kanya, hindi lamang nakasalalay sa teksto, o sa mga aklat ang paglinang ng kasanayan sa pagbabasa kundi sa karanasan ng mambabasa.

Sa Pilipinas, ayon kay De Juan (2013) sa paglalahad niya ng mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino isa rito ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at ang guro ay hindi mulat sa lahat ng pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika at panitikan para sumunod sa makabagong estilo o teknik sa pagtuturo kung paano magbasa nang may kasanayan sa asignaturang Filipino.

Mahalaga kung ganoon ang pagbuo ng desinyo na mga gawain at kagamitang pampagkatuto na nakakakuha ng atensiyon ng mga mag-aaral lalo sa sa pagbasa. Ang desinyo ng gawain ay maaring magsilbi ring gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagkatuto. Mas mainam din na ang mga kagamitang ito ay nakasasabay sa panahon lalo na ngayong halos lahat ay pinatatakbo na ng makabagong teknolohiya.

Ang tagumpay ng mga bata sa hinaharap ay nakasalalay sa kakayahang magbasa ng matatas at maunawaan kung ano ang binabasa. Ipinapakita ng mga pag-aaral na hindi bababa sa isa sa limang mag-aaral ang may malaking kahirapan sa pagkuha ng pagbasa (Therrien, 2004). Ang pagbibigay ng remedial reading program ay maaring makatulong sa para pagbutihin ang pagiging matatas sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa, partikular sa mga mag-aaral sa elementarya dahil ang katatasan at pag-unawa ay mahalaga partikular sa yugtong ito. Ang maagang interbensyon ay maaaring makatulong para masolusyunan ang mga kahirapan sa pagbabasa. Bilang karagdagan, may mga pananaliksik na nagpapahiwatig ng panganib na ang mga paghihirap sa pag-unawa sa pagbasa ay mas mataas para sa mga lalaki kaysa sa mga babae (Linnakyla, Malin, & Taube, 2004), kaya iminumungkahi ang kahalagahan ng pagtiyak ng pagkakaroon ng remedial na pagbabasa o mga programa para sa mga lalaking mag-aaral.

Sa pagsasagawa ng remedial learning, kinakailangan din ang mga kagamitang gagamitin sa pagtuturo sa pagbasa tlad halimbawa ng modyul o e- modyul., workbuko kaya ay worktext.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Ang kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng e-modyul ay nagawa upang lalong mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang. Ang e-modyul ay naglalaman ng mga teksto at gawain, ang mga bilang na nilalaman ng mga gawain ay batay sa naging resulta ng kasalukuyang mananaliksik. Sa pag-aaral nina Medul (2017), Abad (2018) at Salonga (2019) natuklasang ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng workbook o worktext ay nakapagpapaunlad at nakapagdaragdag pa ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga ito.

Katanggap-tanggap sa mga guro ang modyul sa pagpapaunlad at paglinang sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral katulad sa isinagawang pag-aaral ni Karalliyadda (2016), ang tinukoy na estilong pagkatuto ng mga mag-aaral ay isang karagdagang kahalagahan para sa mga guro. Ang kagamitang pagpagtuturo, pagtuturo at ang kapaligiran ang makakakatulong pa sa pagpapaunlad ng kawilihan ng mga mag-aaral. Lumalabas din sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mas ninanais ang pagkatuto kapag may iba't ibang istratehiyang ginagamit ang guro, kahit ang lektyur ang nais ng mga mag-aaral na magkaroon o maisama rin ang biswal na pagpapaliwanag, praktikal na sesyon, gawaing pagbasa at pakikinig. Lumilipas ang panahon maraming balakid ang nagbibigay limitasyon sa mga mag-aaral para sa kasanayang pagbasa kaya nangangailangan ng mas malalim na pag-unawa sa mga akdang binabasa at nangangailangan ang mga mag-aaral ng interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan at kakayahan nila (Quintino at Abagon, 2022).

Mga Layunin

1. Matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa.
2. Matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa.
3. Makabuo ng isang kagamitang makatutulong sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

## II. Metodolohiya

### Desinyo ng pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kuwalitatibong pagdulog. Ginamit ang desinyong palarawan dahil ang pinakalayunin nito ay mailarawan at matukoy ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sap ag-unawa sa pagbasa at mga salik na nakaapekto sa kanilang pag-unawa. Ang deskriptibong pananaliksik ay imbestigasyon na naglalarawan at nagbibigay kahulugan saisang bagay o paksa. Ito ay isang uri ng pananaliksik na ginagamitan ng qualitative tools. Kadalasan itong naglalayon na makahingi ng opinyon o mga bagay na relatibo o naagpapabago bago sa iba't ibang tao, sa iba't ibang pagkakataon, lugar, o panahon. Tumutugon sa tanong sino, ano, paano at kailan na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay ang mga mag-aaral na nasa ikapitong baitang sa Atok National High School. Sila ang mga napiling kalahok dahil isa sila sa mga napiling adopted school ng Kolehiyo ng Sining at Agham para sa kanilang programa sa pagbasa. Maliban dito, sila rin ay naging produkto ng modular na pagkakalase at hindi gaanong natutukan ng mga guro kaya habang maaga pa at nagsisimula sa hayskul ay mas mainam kung malaman na ang kanilang kahinaan sa pagbasa para mabigyan ng interbensiyon.

**Instrumento sa Pagkalap ng mga Datos**

Ginamit ang gabay sa pakikipanayam sa pagkuha ng mga kinakailangang datos tulad ng mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa at mga salik na nakaaapekto sa kanilang pag-unawa. Para makasigurong walang makaligtaang detalye, gumamit ang mga mananaliksik ng audio-recorder.

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Bago sinimulan ang pakikipanayam ay humingi muna ang mga mananaliksik ng pahintulot sa punungguro ng paaralan at sa mga magsisilbing kalahok tungkol sa isasagawang pananaliksik. Ang mga kalahok ay napili ayon sa kinalabasan ng kanilang performance sa isinagawang PHIL- IRI. Habang pinabasa ang mga mag-aaral ay tinatanong kung ano ang kanilang problema kapag nagbabasa. Ang kanilang mga kasagutan ang naging batayan o nagsilbing datos sa unang suliranin. Pagkatapos malaman kung ano ang kanilang mga kahinaan sa pagbasa ay inalam din kung ano ang mga dahilan bakit sila nahihirapan para matugunan ang pangalawang suliranin.

Ang mga nakuhang datos o impormasyon sa una at ikalawang suliranin ang naging batayan sa pagbuo ng desinyo ng gawain para sa remediation at kagamitang pampagkatuto.

**Pagtrato sa mga Datos**

Ang mga datos na nakuha ay dumaan sa transkripsiyon at pagkakategorya. Ito ay idinaan sa koding at tematisasyon na naging batayan ng pagtalakay.

## III. Pagtalakay sa Resulta

**Mga Kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Pagbasa**

Isa sa mga problemang kinakaharap ngayon ng mga guro ay kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Marami nang isinagawang pag-aaral na nagpapatunay ng mababang antas ng komprehensiyon ng mga mag-aaral. Ito'y nagdulot ng pagkabahala sa Kagawaran ng Edukasyon kaya sila ay nagsagawa ng iba-ibang hakbang para matugunan ito. Layunin ng pag-aaral na ito makatulong sa naturang hakbang kaya tinangkang alamin kung ano ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Pag-unawa sa mga salita**

Ang pag-unawa sa mga salitang ginamit sa mga tekstong binabasa ay isa sa mga natukoy na kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ayon sa ilang mag-aaral:

K1: Haan ko maawatan jay daduma words (Hindo ko maunawaan ang mga ibang salita).
K2: Nahihirapan ako sa pag- unawa sa mga malalim na salita.
K3: Sa pag- unawa ng mga bagong salita.
K4: Hirap po akong unawain ang mga salitang malalalim at komplikado.

Malinaw na isa sa mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay ang pag-unawa sa mga salitang ginamit sa teksto. Maaaring nababasa o nabibigkas nila ang mga ito ngunit hindi nila nauunawaan. Kahit maganda ang nilalaman ng teksto kung halos bago sa mga mag-aaral ang mga salitang ginamit, hindi nila ito mabibigyang-halaga.

Ayon nga kay Koch at Sporer (2017), ang pagbasa ay hindi lamang pagkilala sa mga simbolong nakalimbag kundi pagkuha ng kahulugan ng nakalimbag na simbolo sa pamamagitan ng wastong pag-unawa at pagpapakahulugan sa mensahe at layunin ng sumulat. Kaya naman may mga suliranin na kinahaharap ang mga mag-aaral sa pagbabasa dahil sa pag-unawa pa lamang ng isang salita ay nahihirapan na. Kawalan ng bokabularyo at kaalaman sa mga salita ang sagabal sa pag-unawa sa binabasa. Sa pag-aaral din nina Tomas et al. (2022), isa sa mga natuklasang nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng wikang Filipino ay ang limitadong talasalitaan. Isa sa pinakamahirap na hamon nahinaharap ng mga guro sa wika ay ang kakulangan ng mga mag-aaral ng kasanayan sa bukabularyosa wikang Filipino na siyang may malaking impluwensiya sa pagbabasa nang may pag-unawa ng mga mag-aaral. Pinatotohanan din nina Sider at Rahim (2015), na mahalaga ang sapat na kaalaman sa bokabularyo upang maintindihang mabuti ang binabasa. Balakid sa pag-unawa kung kulang ang kaalaman sa bokabularyo, kaalaman sa sintaktika at ang pag-unawa sa pagbabasa.

Pagbigkas sa mga Salita

Isa sa mga bibigyang pansin sa pagbasa ay ang wastong pagbigkas ng mga salita. Ang pagbigkas sa mga salita ay nakakaapekto sa kahulugan ng salita o sa nais ipahayag ng akda.

K2: May mga salita po na mahirap bigkasin kasi po kakaiba ung paraan ng pag spelling.
K5: Mahirap bigkasin ang mga salita.Nakakalito.
K7: Pagbibigkas ng mga salita dahil sa may mga salita na kapani-panibago at hindi pamilyar.
K8: Nahihirapan sa pagbigkas ng mga salita lalo na sa harap ng maraming tao. May mga salita rin sa Filipino na iba-iba ang bigkas

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Mula sa mga naging pahayag ng mga mag-aaral, mapapansin na nahihirapan din sila sa pasalitang pagbasa dahil sa nalilito sa tamang bigkas ng mga salita. Ang wastong pagbigkas sa mga salita ay nakatutulong nang malaki sa mabilisang pag-unawa sa akda. Ayon kina Cura et al. (2023), lubhang mahalaga ang pagkatuto sa wastong pagbigkas ng mga salita na may tamang diin, antala o hinto at intonasyon upang maipahayag nang malinaw at wasto ang kaisipan at saloobin. Ayon kina Broadway at Zamora (2008), makapangyarihan ang impluwensiya ng ponetika at ponolohiya sa pagbigkas ng pangalawang wika. Sa pahayag na ito binigyang-diin niyang malaki ang epekto ng ponolohiya o palatunugan ng unang wika sa pagsasalita at pagbigkas ng mga salita sa ikalawang wika.

Pag-unawa sa Nilalaman

Kung mahirap maunawaan ang mga salita, mas mahirap ang teksto mismo. Batay sa mga nakalap na datos, ipinahayag ng mga mag-aaral na ang pag-unawa sa nilalaman ng binabasa ang isang yugto ng pagbasa kung saan sila ay nahihirapan.. Ayon sa mga mag-aaral:

> K2. Kapag masyadong mahaba yung mga nakasulat ang hirap po intindihin kailangan po… mas maganda po kung straight to the point.
> K3. Hindi ko po agad magets yung binabasa ko, kailangang ulit-uliting basahin para maintindihan.
> K5. Hindi ko po masyadong makuha yung takbo ng kwento o nangyayari sa aking binabasa.

Ipinapahiwatig ng mga pahayag na mahirap maunawaan ang teksto kung ang nilalaman nito ay hindi pamilyar sa mga mag-aaral. Kailangang ulit-ulitin ang pagbasa sa mga ito lalo na kung makabago ang pormat o paraan ng pagsasalaysay. Ayon kina Koch & Sporer, (2017) ang pagbasa ay hindi lamang pagkilala sa mga simbolong nakalimbag kundi pagkuha ng kahulugan ng nakalimbag na simbolo sa pamamagitan ng wastong pagunawa at pagpapakahulugan sa mensahe at layunin ng sumulat. Isa ito sa problemang nakitaan ng mananliksik na kung saan ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-iintidi sa mga teksto naisulat at kulang sa interes sa pagbasa.

Mga Salik na Nakaaapekto sa Kahinaan ng mga Mag-aaral sa Pag-unawa sa Pagbasa

Batay sa isinagawang pagsusuri sa mga datos na nakalap sa kasalukuyang pag-aaral, natuklasang may limang mga dahilan ng kahirapan sa pag-unawa sa binasa ang nakakaapekto sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ito ay ang mga sumusunod: limitado ng bokabularyo, kakulangan ng kasanayan sa pagbasa, pormat ng akda, kawalan ng interes sa pagbasa, at kawalan ng kumpiyansiya sa sarili.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Limitadong Bokabularyo

Ang bokabularyo ay tumutukoy sa lahat ng mga salita ng isang wika, o sa mga salitang ginamit ng isang partikular na tao o grupo. Tinatawag din itong wordstock, lexicon, at lexis. (Nordquist, 2001). Sa kasalukuyang pag-aaral, natuklasang isa sa mga dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa kanilang binabasa ay dahil sa limitado ang kanilang bokabularyo. Ayon sa mga mag-aaral:

K1: Hindi ako Tagalog, may mga salita na di ko alam...
K3: Hindi po ako pamilyar sa aking 'yung mga ibang salita… lalo kapag ngayon ko lang nakita at nabasa kaya hindi ko rin po gaano naiintindihan yung binabasa ko.
K5: Dahil may nai-encounter po akong mga salita na ngayon ko lang nabasa
siguro dahil hindi po ako palabasa kaya yung mga common words ang madali sa akin.
K7: Kakaiba yung paraan ng pag-spelling ng salita.

Mapapansing isa sa mga dahilang kung bakit limitado ang bokabularyo ng mga mag-aaral dahil hindi pa sila gaanong expose sa mga ibang wika. May mga salitang bago sa kanila kaya hindi alam ang kahulugan. Bunga nito, hindi na rin maunawaan ang nilalaman ng teksto. Maraming estudyante ang basta basa lamang nang basa ngunit hindi nila ito naiintindihan.

Ayon kay Badayos (2008) sa pagbanggit nina Tomas et al. (2022), ang mga batang may limitadong kaalaman sa mga estratehiya at pamamaraan sa pag-alam sa kahulugan ng mga salita. Sila'y nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa sa pagsusulit, pasulat man o pasalita. Sa pag-aaral ni Granowsky (2002), sa pagbanggit ni San Juan (2017), kinumpirma ng maraming mananaliksik ang kahalagahan ng bokabularyo at pagkatuto ng wika upang maintindihan ng isang bata ang kanyang binabasa. Sa pagkakaroon din ng limitadong bokabularyo, hindi nakapagpapahayag ang bata ng kaniyang saloobin at nahihirapan siyangmakipag-ugnayan sa iba.

Kakulangan ng Pagsasanay sa Pagbasa

Ayon sa lumabas na resulta, ang kawalan ng kasanayan sa pagbasa ang dahilan ng mga kinakaharap na kahirapan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanilang binabasa. Batay sa mga mag-aaral:

K1: Dahil sa hindi pagbabasa at pagsusuri ng mambabasa.
K4: Dahil sa kakulangan sa pag-unawa at pagsusuri ng bawat talata o maski bawat pangungusap sa binasa.
K5: Paminsan-minsan na lang ako nagbabasa.
K7: Dahil nakalabulol at mahaba ang salita. Di ko alam kung paano bigkasin.
K8: Dahil sa hindi pagbabasa at pagsusuri sa mga salita at nilalaman ng binasa.

Mapapansin sa mga pahayag na isa ring dahilan ay ang kawalan ng pagsasanay sa

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

pagbasa. Hindi sila naglalaan ng panahon para sa pagbasa, marahil ay dahil sa wala silang kasama na magwawasto sa kanilang pagbigkas at magbibigay-linaw sa mga salitang di maunawaan. Ipinapahiwatig lamang nito na kailangan ding maglaan ng panahon ang mga guro at magulang para mga mag-aaral na may kahirapan sa pagbigkas at pag-unawa sa mga binabasa. Sumang-ayon dito ang pag-aaral ni Pilo (1990) kung saan ay natuklasan niya sa kanyang pag-aaral na ang kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay dahil sa depekto sa pandinig, problema sa pagsasalita, karamdaman, kakulangan sa mga kagamitan sa pagbasa, hindi epektibong pagtuturo, mababang intelihensiya, emosyonal na problema at suliranin sa tahanan.

Ayon kay Mondero (1995), ang kakulangan sa kahandaan sa pagbasa at pisikal na kapansanan ay isang sanhi sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang sitwasyon sa tahanan at ang hindi pagtugon at pagtukoy ng mga magulang sa kailangan ng mga mag-aaral lalo na sa pagbasa ay malaking salik sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang guro ay isang salik sa kahirapan sa pagbasa ng mga mag-aaral dahil sa masyadong pagbibigaypansin sa sabay-sabay na pagbasa sa halip na isahan gayundin ang paggamit ng hindi epektibong materyal.

Ayon kina Anderson et al. (1985) sa pagbanggit ni Mayrena (2006), ang mga magulang ay may mahalagang gampanin sa paglikha ng magandang pundasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasa. Kinakailangang turuan ng mga magulang ang kanilang mga lumalaking anak sa pamamagitan ng pagbasa nang malakas sa kanila, pagkukuwento, paghikayat sa kanila na bumasa ng salita at pagtuturo sa kanila tungkol sa buhay. Ang mga kasanayang ito ang makatutulong sa mga bata upang matutong magbasa. Ayon naman kina Villamin (2001), ang impluwensiya ng edukasyon ng mga magulang, kanilang interes sa pagbasa at ang kanilang atityud ay malinaw na may kaugnayan sa pag-unlad sa pagbasa o hindi pagkatuto sa pagbasa ng kanilang mga anak.

Kawalan ng Interes sa Pagbasa

Batay sa resulta ng mga datos, nabanggit din ng mag-aaral ang kawalan ng motibasyon ang isang dahilan upang magkaroon ng kahirapan sa pag-unawa sa pagbasa. Tugon ng mag-aaral ay:

> K1: Kulang po ako sa motibasyon magbasa dahil minsan po nakakatamad unawain ang nilalaman pero kailangan magbasa kaya pipilitin nalang intindihin.
> K2: Kawalan ng interes sa pagbabasa.

Kawalan ng motibasyon ang isang dahilan upang maudlot ang pag-unlad ng mag-aaral sa pagbasa at ito rin ang sanhi upang maantala ang kakayahang sumuri ng nilalaman ng isang teksto. Ang motibasyon ang isang nag-uudyok upang magawa ng mga mag-aaral ang isang bagay o gawain. Ito rin ang pundasyon upang sisiguraduhin niyang gawin ang tinatamasang layunin.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Sa pag-unawa ng babasahin ay mahalaga ang motibasyon dahil dito nararamdaman ng mag-aaral ang interes nito sa pagbasa ng anumang teksto/akda. Isa itong epektibong estratehiya upang mas magkaroon siya ng kamalayan sa binabasa at mas ginaganahan siyang tumuklas. Mahalaga rin na maunawaan ng isang mag-aaral na ang pagbabasa ay mahalagang kakayahang malinang at gawing kawili-wili upang hindi mawalan ng motibasyon ang isang tao. Ayon kay Mabalhin (2020), dapat ganyakin ang mga mag-aaral sa pagbabasa ng akdang pampanitikan upang umunladaang kasanayan sa pag-unawa at pagpapakahulugan. Dagdag pa niya, dapat gumamit din ang guro ng maraming paraan sa pagbibigay ng mga kasanayan na susukat sa kakayahan ng mag-aaral upang magdulot ng kawilihan sa kanila. Malaki ang gampanin ng guro na mahikayat at maiparamdam na ang pagbabasa ng mga akda ay isang masayang gawain na bahagi ng libangan ng mag-aaral. Ayon kay Cou (2021), naging instinct na ng tao ang gaaing pagbasa dahil sa taglay na niya ang kakayahang paningin. Mata at paningin ang bintana sa gawaing ito tungo sa proseong pangkaisipan na siyang gumagamit sa mga nakaimbak na kaalaman at karanasan. Kaya ang interes at motibasyon ng tao ay natural na kikilos kung isinabubuhay niya ang kahalagahan ng pagbabasa.

Sinabi ni Bateman (1995) na ayon sa mga dalubhasa sa pagbasa,naniwala ang mga itong maraming mag-aaral ang nahihirapang magbasa dahil sa pagkakaroon ng masamang gawi at negatibong atityud sa pagbasa. Ayon naman kay Emingga (2005), ang panunumbalik sa kawilihan ng mag-aaral ay may malaking kinalaman sa kakayahan ng guro sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, pagpili ng mga layunin at mga lunsaran upang maging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kagamitang Makatutulong Sa Pagpapaunlad ng Kakayahan Ng Mga Mag-aaral Sa Pagbasa

Batay sa isinagawang pag-aaral, m,araming mga nakitang kahinaan ng mga mag-aaral sa pagsulat bunsod ng mga iba-ibang salik. Para matugunan ang mga ito, bumuo ang mga mananaliksik ng isang worktext na may layuning mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

Unang binigyang pansin sa pag-aaral na ito ay ang limitadong bokabularyo. Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasang isa sa mga kahinaan ng mga mag-aaral ay ang kakulangan sa pag-unawa sa mga salitang ginamit sa tekstong binabasa. Para matugunan ito ang mga mananaliksik ay nagbigay ng mga gawain sa worktext na makatutulong sa mga mag-aaral tulad ng crossword puzzle at pagbibigay ng mga kasalungat o kasingkahulugan ng mga salita .

Pangalawang binigyang-pansin ay kahirapan sa pagbigkas ng mga salita dulot ng kakulangan sa mga pagsasanay sa pagbasa. Sa binuong worktext, nagbigay ang mga mananaliksik ng mga gawaing dugtungang pagbasa, pagbasa ng mga tongue twister at pagbubuod sa binasa. Inaasahang sa pamamgitan ng mga Gawain ito ay matulungan silang mabigkas nang wasto ang mga salita.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Pangatlo ay ang kawalan ng interes na ayon sa resulta ng pag-aaral ay ito ay dahil sa hindi nila maunawaan o hindi sila pamilyar sa paksa ng tekstong binabasa. May mga paksa kasi na hindi nila masyadong nararanasan o naririnig sa kanilang paligid kaya parang bagong-bago sa kanila. Dahil dito mas nahihirapan silang unawain ang paksang tinatalakay dahil bago ito sa kanila.

## IV. Kongklusyon

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral. Nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon:

1. Ang mga kahinaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ay pagbigkas sa mga salita, pag-unawa salita, at sa nilalaman mismo ng teksto.
2. Ang limitadong bokabularyo, kakulangan ng kasanayan sa pagbasa, pormat ng akda, kawalan ng interes sa pagbasa at kawalan sa kumpiyansa sa sarili ay nakaapekto sa pag-unawa sa pagbasa.

## V. Rekomendasyon

Batay sa nabuong kongklusyon, iminumungkahi ang mga sumusunod:
1. Kinakailangang linangin at bigyan pansin ng mga guro ang nilalaman ng tekstong kanilang ituturo upang mapaunlad ang antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral.
2. Mag-isip ng angkop na estratehiya ang mga guro sa pagtuturo upang upang maging kawili-wili ang gawaing pagbasa sa mga mag-aaral.

## References

[1] Abesamis, N. (2006). Pagbasa at Pagsulat sa Pananaliksik. Valenzuela City: Mutya Publishing House,.
[2] Abad,M. at P. Ruedas (1996). Paghahanda ng mga Kagamitan Pampagtuturo Manila : National Book Store.
[3] Allwright, R. L. (1990). What do we want teaching materials for? In R. Rossner and R. Bolitho, (Eds.), Currents in language teaching. Oxford University Press.
[4] Badayos, P. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.
[5] Badayos, P. (2000). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Makati City:Grandwater Publications and Research Corporation.
[6] De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng filipino. Retrieved on March 19. 2023 from https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ngfilipino/.
[7] De Leon, I. (2022, June 29). Comprehending comprehension. Inquirer.net.
[8] Franz, V. (2011). What Do Reading Levels Mean?

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[9] http://www.thudscave.com/~lamplighter/reading.htm. Hinango noong Pebrero 21, 2019.
[10] Johnson, M.J. , R. A Kress,., at P. L Pikulski.(1987). Informal Reading Inventories (2nd Edition). Newark, DE: International Reading Association.
[11] Hendricks, H. G. (1988). The Seven Laws of Teacher. Atlanta, Georgia. Walk Thru The Bible Ministries, Inc.
[12] Linnakyla, P., Malin, A., Taube, K. (2004). Factors behind low reading literacy achievement. Scandinavian Journal of Education Research, 48, 231-248.
[13] Mendoza, Z. (2007). Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina. Manila: . Rex Bookstore. Inc.
[14] Obmina, L. (2007). A Survey to Moral and Academic Success.
[15] University of Asia and Pacific-http//googles.com.ph Web.kssp. Hinango noong Enero 21, 2019.
[16] Pagkalinawan, L. (2007). Isang Malikhaing Pagtuturo ng Wika tungo sa Pagdevelop ng Kasanayang Pangkomunikatibo at Pananaliksik.Valenzuela City:Mutya Publishing House
[17] Pamaran, Ma. C. (2013). E-kagamitang Pampagtuturo, Makabagong Paraan ng Pagtuturo sa Filipino. www.deped-ne.net. Hinango noong Pebrero 20, 2019.
[18] Quintino, H. E at B.S. Abagon. (2021). Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic. American Journal of Humanities and Social Sciences Research, 5(6).
[19] Ravago, M. M. (2015). Epekto ng Pamamaraang Komiks sa Antas ng Komprehensyon sa Pagbasa. Di Nalathalang Master's Thesis, Bataan Peninsula State University, Lungsod ng Balanga, Bataan.
[20] San Juan, R. (2019, December 23). Philippines lowest in reading comprehension among 79 countries. Philstar.com.
[21] Sider H.M at Rahim, H.AB. (2015). The Role of Vocabulary Knowledge in Reading Comprehension. A Cross Linguistic Study
[22] Snow, C. (2003). Toward an R&D Program in Reading Comprehension. Sta Monica: CA 90407-2138

[23] Therrien, W. J. (2004). Fluency and comprehension gains as a result of remedial reading. Remedial and Special Education, 25, 252-261.
[24] Tomas, D. S., Payangdo, J. D., & Sagayo, E. (2022). Pagkatuto ng mga Mag-Aaral na Kankanaey ng Wikang Filipino Bilang Pangalawang Wika. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, Ii(11), 139–151. https://www.ijams-bbp.net/

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved